H. No. 3971
S. No. 2293

Republika ng Pilipinas

Konggreso ng Pilipinas

Metro Manila

Unang Regular na Sesyon

[BATAS REPUBLIKA BLG. 9504]

ISANG BATAS NA NAGSUSUSOG SA MGA SEKSIYON 22, 24, 34, 35, 51 AT 79 NG BATAS REPUBLIKA BLG. 8424, GAYA NANG PAGKASUSOG, NA KILALA BILANG 1997 PAMBANSANG KODIGO SA RENTAS INTERNAS

Pagtibayin ng Senado at ng Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas na nagkakatipon sa Konggreso:

SEKSIYON 1. Ang Seksiyon 22 ng Batas Republika Blg. 8424 gaya nang pagkasusog, na kilala bilang 1997 Pambansang Kodigo sa Rentas Internas, ay sinusugan pa sa pamamagitan ng pagdaragdag ng sumusunod na depinisyon kasunod ng Subseksiyon (FF) na babasahin gaya ng sumusunod:

"SEK. 22. *Mga Depinisyon.* – Kapag ginamit sa Pamagat na ito:

"(A) x x x.

"x x x.

"(FF) x x x.

"(GG) Ang terminong 'minimum na sahod na itinakda ng batas' ay tutukoy sa halagang itinakda ng Regional Tripartite Wage and Productivity Board, gaya nang binigyang-katuturan ng Bureau of Labor and Employment Statistics (BLES) ng Department of Labor and Employment (DOLE).

"(HH) Ang terminong 'kumikita ng minimum na sahod' ay tutukoy sa isang manggagawa sa pribadong sektor na binabayaran ng minimum na sahod na itinakda ng batas, o sa isang empleyado sa pampublikong sektor na may sahod na hindi hihigit sa minimum na sahod na itinakda ng batas sa hindi pang-agrikulturang sektor na pinagtatrabahuhan niya."

SEK. 2. Ang Seksiyon 24 (A) ng Batas Republika Blg. 8424, gaya nang pagkasusog, na kilala bilang 1997 Pambansang Kodigo sa Rentas Internas , ay sinusugan pa na babasahin gaya ng sumusunod:

"SEK. 24. *Halaga ng Buwis sa Kita*. –

"(A) *Halaga ng Buwis sa Kita ng Indibiduwal na Mamamayan at Indibiduwal na Dayuhang Residente ng Pilipinas*. –

"(1) x x x:

"x x x; at

"(c) Sa kita na dapat ipagbayad ng buwis na binigyang-katuturan sa Seksiyon 31 ng Kodigong ito, bukod sa kita na dapat ipagbayad ng buwis sa Ilalim ng Subseksiyon (B), (C) at (D) ng Seksiyong ito, na kinita para sa bawat taon na sakop ng pagbabayad ng buwis mula sa lahat ng pinagkakitaan sa Pilipinas ng isang indibiduwal na dayuhan na residente ng Pilipinas.

"(2) Halaga ng Buwis sa Kita na Dapat Ipagbayad ng Buwis ng mga Indibiduwal. – Ang buwis ay dapat kuwentahin alinsunod sa at sa halagang itinakda sa sumusunod na iskedyul:

"Hindi hihigit sa P10,000 ..... 5%

"Mahigit sa P10,000 subalit hindi ..... P500 + 10% ng sobra sa
hihigit sa P30,000 P10,000

"Mahigit sa P30,000 subalit hindi ..... P2,500 + 15% ng sobra sa
hihigit sa P70,000 P30,000

"Mahigit sa P70,000 subalit hindi ..... P8,500 + 20% ng sobra sa
hihigit sa P140,000 P70,000

"Mahigit sa P140,000 subalit hindi ..... P22,500 + 25% ng sobra sa
hihigit sa P250,000 P140,000

"Mahigit sa P250,000 subalit hindi ..... P50,000 + 30% ng sobra sa
hihigit sa P500,000 P250,000

"Mahigit sa P500,000 ..... P125,000 + 32% ng sobra sa
P500,000

"Para sa mga indibiduwal na may-asawa, dapat ay hiwalay ang kuwenta batay sa tadhana ng Seksiyon 51 (D) nito, ay dapat magkuwenta ng kanilang indibiduwal na buwis sa kita ayon sa kani- kanilang sahod na dapat ipagbayad ng buwis: *Sa pasubali*, na kung ang kita ay hindi matukoy kung sino sa dalawa ang kumita, ang halaga ay hahatiin nang pareho sa dalawa para sa layuning matiyak ang kani-kanilang kita na dapat ipagbayad ng buwis.

"Sa pasubali , na ang kumikita ng minimum na sahod na binigyang-katuturan sa Seksiyon 22 (HH) ng Kodigong ito ay hindi na papapagbayarin ng buwis sa kita sa kanilang sinahod na dapat ipagbayad ng buwis: *Sa dagdag na pasubali*, na ang bayad sa pagpasok kung pista opisyal, bayad sa overtime, night shift differential pay at hazard pay na tinanggap ng mga kumikita ng minimum na sahod ay hindi na rin ipagbabayad ng buwis.

"x x x."

SEK. 3. Ang Seksiyon 34 (L) ng Batas Republika Blg. 8424, gaya nang pagkasusog na kilala bilang 1997 Pambansang Kodigo sa Rentas Internas, ay sinususugan na babasahin gaya ng sumusunod:

"SEK. 34. *Mga Kaltas mula sa Kabuuang Kita.* - Maliban sa mga nagbabayad ng buwis na kumikita mula sa

serbisyong personal na ginawa sa ugnayang employer-empleyado na walang pinahihintulutang kaltas sa ilalim ng Seksiyong ito bukod sa isinasaad sa Subseksiyon (M) ng batas na ito, sa pagkukuwenta ng kita na dapat ipagbayad ng buwis sa ilalim ng mga Seksiyon 24(A); 25(A); 26; 27(A), (B) at (C); at 28 (A) (1), pahihintulutan ang mga sumusunod na kaltas mula sa kabuuang kita:

"(A*) Mga Gastos*. –

"xxx.

"(L) *Opsyunal na Isinapamantayang Kaltas*. - Kapalit ng mga kaltas na pinahihintulutan sa ilalim ng sinusundang mga Subseksiyon, ang isang indibidwal na kailangang magbayad ng buwis sa ilalim ng Seksiyon 24, bukod sa isang dayuhang hindi naninirahan sa bansa, ay maaaring pumili ng isinapamantayang kaltas sa halagang hindi hihigit sa apatnapung porsiyento (40%) ng kanyang kabuuang benta o kabuuang kita, depende kung anong uri. Kung sa isang korporasyon na dapat ipagbayad ng buwis sa ilalim ng mga Seksiyon 27(A) at 28(A)(1), maaari itong pumili ng isang isinapamantayang kaltas sa halagang hindi hihigit sa apatnapung porsiyento (40%) ng kabuuang kita nito gaya nang isinasaad sa Seksiyon 32 ng Kodigong ito. Maliban kung ang nagbabayad ng buwis ay nagpahiwatig, sa kanyang pagbalik, ng hangaring pumili ng opsiyunal na isinapamantayang kaltas, itinuturing na ang pinili niya ay ang mga kaltas na pinahihintulutan sa sinusundang mga Subseksiyon. Ang piniling uri ng kaltas ay hindi na maaaring palitan para sa taon na sakop ng pagbabayad ng buwis: Sa pasubali, na ang isang indibiduwal na may karapatan sa at gumamit ang opsyunal na isinapamantayang kaltas ay hindi papapagsumitihin kasama ng kanyang income tax return ng mga pinansiyal na kuwenta na kailangan ng Kodigong ito: Sa dagdag na pasubali , na Maliban kung pahihintulutan ng Komisyoner, ang nabanggit na indibiduwal ay dapat na mag-ingat ng rekord ng kanyang kabuuang benta o kabuuang kita, o ang nabanggit na korporasyon ay dapat mag-ingat ng rekord ng lahat ng kita nito sa taon na sakop ng pagbabayad ng buwis ayon sa itinatakda sa Seksiyon

32 ng Kodigogng ito, batay sa itinatakda ng mga tuntunin at mga regulasyong ipinatutupad ng Kalihim ng Pananalapai, sa rekomendasyon ng Komisyoner.

"(M) x x x. –

"x x x."

SEK. 4. Seksiyon 35(A) at (B) ng Batas Republika Blg. 8424, gaya nang pagkasusog, na kilala bilang 1997 Pambansang Kodigo saRentas Internas, ay sinususugan na babasahin gaya ng sumusunod:

"SEK. 35. *Ang Personal Exemption na Ipinagkakaloob para sa* Indibiduwal na Mambubuwi (Taxpayer) -

"(A) *Sa Pangkalahatan*. - Para sa layuning matiyak ang buwis na itinakda sa Seksiyon 24(A) ng Pamagat na ito, pinahihintulutan ang basic personal exemption sa halagang Limampung libong piso (P50,000) para sa bawat indibiduwal na mambubuwis (taxpayer).

"Sa mga may-asawa naman na isa lamang sa kanila ang tumatanggap ng kabuuang kita, kung sino ang kumikita sa dalawa ang pahihintulutang makakuha ng personal exemption.

"(B) *Karagdagang Exemption para sa mga Dependent.* – Pinahihintulutan ang karagdagang *exemption* na Dalawampu't limang libong piso (P25,000) para sa bawat dependent ngunit hindi hihigit sa apat (4).

"Ang karagdagang exemption para sa mga dependent ay gagamitin ng isa lamang sa mag-asawa kung may asawa ang mambubuwis (taxpayer).

"Kung legal na hiwalay ang mag-asawa, ang karagdagang exemption ay maaaring magamit ng sinuman sa dalawa na may kustodiya sa bata o mga bata*: Sa pasubali* na ang kabuuang halaga ng karagdagang exemption na

maaaring gamitin ng dalawa ay hindi hihigit sa pinahihintulutang maksimum na karagdagang exemption.

"Para sa mga layunin ng Subseksiyong ito, ang isang 'dependent' ay nangangahulugang isang lehitimo, hindi lehitimo o ampong legal na nakasandig nang lubusan at nakatira sa mambubuwis kung ang dependent ay hindi hihigit sa dalawampu't isang (21) taong gulang, walang asawa at hindi nagtatrabaho o kung ang nabanggit na dependent, anuman ang edad, ay hindi kayang buhayin ang sarili dahil sa kapansanan sa isip o pisikal.

"x x x."

SEK. 5. Seksiyon 51(A) 2) ng Batas Republika Blg. 8424, gaya nang pagkasusog, na kilala bilang 1997 Pambansang Kodigo sa Rentas Internas , ay sinususugan na babasahin gaya ng sumusunod:

"SEK. 51. *Indibiduwal na Return*. –

"(A) *Mga Kinakailangan*. –

"(1) Maliban kung itinatadhana sa talata (2) ng Subseksiyong ito, ang mga sumusunod na indibiduwal ay kailangang magharap ng income tax return:

"(a) x x x;

"x x x.

"(2) Ang mga sumusunod na indibiduwal ay hindi na kailangang magharap ng Income tax return:

"(a) x x x;

"(b) Isang indibiduwal na ang tanging kita, gaya nang itinatakda sa Seksiyon 32(A)(1), na mula sa Pilipinas, ay binawas na batay sa mga tadhana ng Seksiyon 79 ng Kodigong ito. *Sa pasubali*, Na ang isang indibiduwal na tumatanggap ng sahod nang sabay mula sa dalawa o mahigit

na employer sa anumang panahon ng taon na sakop ng pagbabayad ng buwis ay dapat magharap ng income tax return;

"(c) x x x; at

"(d) Ang kumikita ng minimum na sahod gaya nang isinasaad sa Seksiyon 22 (HH) ng Kodigong ito o isang indibiduwal na di na magbabayad ng buwis alinsunod sa mga tadhana ng Kodigong ito at iba pang mga batas, panlahat o natatangi.

"x x x."

SEK. 6. Seksiyon 79(A) ng Batas Republika Blg. 8424, gaya nang pagkasusog, na kilala bilang 1997 Pambansang Kodigo sa Rentas Internas ay sinusugan pa at babasahin gaya nang sumusunod:

"SEK. 79. *Buwis sa Kita na Kinulekta na ng Employer.* -

"(A) *Kailangan ng Withholding.* – Maliban sa isang kumikita ng minimum na sahod na isinasaad sa Seksiyon 22(HH) ng Kodigong ito, bawat employer nagpapasuweldo ay dapat na magbawas ng buwis na ang halaga ay batay sa mga tuntunin at regulasyong itatakda ng Kalihim ng Pananalapi, sa sa rekomendasyon ng Komisyoner.

"x x x."

SEK. 7. *Sugnay na Nagbubukod.* – Kung ang alinmang tadhana ng Batas na ito ay idineklarang inbalido o labag sa konstitusyon, ang iba pang mga tadhana nito na hindi apektado ay magpapatuloy na ipatutupad at may bisa.

SEK. 8. *Sugnay na Nagpapawalang-bisa.* – Anumang batas, atas o pahayag pampanguluhan, kautusang tagapagpaganap, liham-tagubilin, kautusang pang-administratibo, tuntunin o regulasyon na salungat o hindi umaayon sa alinmang tadhana ng Batas na ito ay sinususugan o binabago ayon sa pangangailangan.

SEK. 9. *Pagkakabisa*. – Ang Batas na ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw kasunod ng publikasyon nito sa Official Gazette o sa dalawa (2) man lamang na pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon.

Pinagtibay,

MANNY VILLAR
President of the Senate

PROSPERO C. NOGRALES
Speaker of the House of Representatives

This Act which is a consolidation of House Bill No. 3971 and Senate Bill No. 2293 was finally passed by the House of Representatives and the Senate on May 28, 2008 and May 27, 2008, respectively.

EMMA LIRIO-REYES
Secretary of the Senate

MARILYN B. BARUA-YAP
Secretary General
House of Representatives

Approved: June 17, 2008.

GLORIA MACAPAGAL-ARROYO
President of the Philippines

O